lalawigan ng san diego



salamat sa pagggawa
ng inyong bahagi para

pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig

mga hydrodynamic separator

Ang mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala (BMP) na Pang-istruktura ng Stormwater ay inilalagay sa ilang propyedad sa buong Lalawigan upang makatulong na maiwasan ang mga pollutant tulad ng basura, pataba, pestisidyo, at sediment, na makarating sa mga storm drain at sa huli, sa ating mga lokal na sapa, ilog, at karagatan. Ang inyong propyedad ay isa sa daan-daan sa buong Lalawigan na may hindi bababa sa isang BMP.

Pinapanatiling Malinis ng mga BMP ang Ating mga Daanan ng Tubig

Ang inyong mga BMP ay dinisenyo upang mag-alis ng mga pollutant mula sa agos ng stormwater na nabuo sa inyong propyedad, sa pinakamalawak na hangganan na kaya nitong gawin. Bilang may-ari ng isa sa mga propyedad na ito, Hinihingi ng mga regulasyon ng Lalawigan na **magsagawa ng regular na inspeksyon at mga gawaing pagmementena** upang matiyak na gumagana nang maayos ang inyong mga BMP.

Ipinapakita ng aming mga rekord na mayroon kayong hindi bababa sa isang BMP na hydrodynamic separator sa inyong propyedad. Upang tulungan kayong magmentena ng BMP na ito, ibinibigay ng **Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ang flyer na ito ng impormasyon upang masagot ang mga tanong na maaaring mayroon kayo tungkol sa BMP at kung paano mantenahin ang mga ito.

Paano Gumagana ang Inyong BMP na Hydrodynamic Separator

Ang mga BMP na hydrodynamic separator ay nangangalaga sa ating mga lokal na daanan ng tubig sa pamamagitan ng paghuli sa mga pollutant bago ito makapasok sa storm drain system. Sa pagpasok ng stormwater sa vortex chamber ng separator, napupunta sa mga holding chamber ang mga pollutant habang ang mas malinis na agos ay nadidirekta sa storm drain system.

mas marami pang impormasyon > > >

20DIS2016

lalawigan ng san diego

salamat sa pagggawa
ng inyong bahagi para

pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig

mga hydrodynamic separator

Hanapin at Mantenahin ang Inyong BMP

Para hanapin ang BMP na hydrodynamic separator, humanap ng takip na nasa itaas ng lupa na may nakasulat na gawa at modelo ng separator.

Kapag nakita niyo na ang inyong BMP na hydrodynamic separator, mahalagang mantenahin ito. Ang pagpapanatili ng inyong mga BMP na hydrodynamic separator sa maayos na kondisyon ay tumutulong upang mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig. Nasa ibaba ang ilang mga gawain para sa pagmementena na dapat gawin:

- **Kontakin ang isang kwalipikadong service provider upang magsagawa ng inspeksyon at pagmementena. Maaari kayong tulungan ng inyong BMP manufacturer na humanap ng isang kwalipikadong service provider.**
- **Kabilang sa mga senyales na kailangan nang mantenahin ang pagkakaroon ng deposito ng sediment, basura, debris, oil sheen, o grasa.**
- **Kailangan ding ipaayos o palitan ang mga nasirang bahagi ng hydrodynamic separator.**

Para sa listahan ng iba pang mga gawain, tingnan ang form na patunay ng pagmementena o plano ng pagmementena mula sa developer ng inyong bahay.

Bawat taon, ang Programa ng Pangangalaga sa Watershed ay magpapadala sa inyo ng form na patunay ng pagmementena na sasagutan, pipirmahan, at ibabalik sa Lalawigan. Ang form na ito ay ginagamit upang mapatunayan na nagawa ang kinakailangang pagmementena sa inyong BMP.

Ang hindi paggawa ng kinakailangang pagmementena ng inyong BMP ay maaring magdulot ng pagpapatupad na imbestigasyon o kasunod na inspeksyon.

Para sa mga Tanong, Kontakin Kami sa:

Programa ng Pangangalaga sa Watershed
1-858-495-5323
BMP.Program@sdcounty.ca.gov
www.sandiegocounty.gov/stormwater

20DIS2016